

CASH AGAD

Customer FAQs

1. **Ano ang CASH AGAD?**

Ang CASH AGAD ay isang serbisyo na kung saan maaari nang mag-perform ng iba't-ibang banking transactions ang mga ATM cardholders sa mga CASH AGAD partner agents gamit ang POS terminal.

Sa CASH AGAD, mas madali, mabilis, at ligtas na ang pagwi-withdraw sa mga lugar na kung saan walang sangay ng bangko at ATM machines.

2. **Anu-ano ang mga services na pwede kong gawin sa CASH AGAD?**

Sa CASH AGAD, pwede kang:

- a. Mag-withdraw ng cash
- b. Mag-inquire ng balanse ng iyong account

3. **Paano ako magwi-withdraw sa CASH AGAD?**

Madali lang mag-withdraw via CASH AGAD:

Step 1: I-abot mo ang ATM card (Debit/Prepaid) sa kahera.

Step 2: Sabihin kung magkano ang gusto mong i-withdraw.

Step 3: Pag-abot sa iyo ng POS terminal o Pinpad, i-type mo ang iyong PIN.

Step 4: Tanggapin ang cash at resibo.

4. **Paano ako magba-balance inquiry sa pamamagitan ng CASH AGAD:**

Ganito mag-inquire ng balanse via CASH AGAD:

Step 1: I-abot mo ang ATM card (Debit/Prepaid) sa kahera.

Step 2: Sabihin na gusto mong mag-check ng balanse ng ATM mo.

Step 3: Pag-abot sa iyo ng POS terminal o Pinpad, i-type mo ang iyong PIN.

Step 4: Abangan ang pag-display ng balanse sa POS terminal o Pinpad dahil wala itong printout.

5. **Ano ang mga cards na tinatanggap sa CASH AGAD?**

Lahat ng Philippine-issued ATM cards (Debit, Prepaid o Cash card) ay tinatanggap sa CASH AGAD.

6. **Anong mga currencies ang pwede kong i-withdraw sa CASH AGAD?**

Philippine Peso denominations lamang ang pwede i-withdraw sa Cash Agad.

7. **May charge ba sa akin ang bawat CASH AGAD withdrawal?**

Oo, may "Convenience Fee" na ibabawas sa laman ng ATM card ng customer sa bawat CASH AGAD withdrawal.

8. **Magkano naman ang Convenience Fee sa bawat CASH AGAD withdrawal?**

Ang Convenience Fee sa bawat transaction ay depende sa lokasyon ng partner agent. Ito ay maaaring magka-halaga mula PHP15 hanggang PHP50 bawat transaction.

9. **Paano kinukuha ang Convenience Fee bawat withdrawal?**

Ang Convenience Fee ay automatic na ibinabawas sa laman ng ATM card mo bawat transaction.

Halimbawa:

Withdrawal Amount: Php 5,000

Convenience Fee: Php 30

Total Amount to be deducted from the ATM card: Php 5,030

- 10. May charge ba pag nag-balance inquiry ako sa CASH AGAD?**
Ito ay free of charge.
- 11. May maximum withdrawal amount ba sa CASH AGAD?**
Ang maximum amount bawat withdrawal ay Php 10,000 o depende sa daily limit ng issuing bank ng customer o sa limit ng CASH AGAD partner agent.
- 12. Paano ko malalaman ang daily limit ng ATM card ko?**
Tumawag lamang sa iyong issuing bank para malaman ang iyong daily limit.
- 13. Paano ko malalaman kung sino ang CASH AGAD partner?**
Para malaman kung ang suking tindahan, pawnshop, o rural bank ay isang CASH AGAD partner, hanapin lang ang mga naka-display na CASH AGAD tarpaulins, streamers, door signs, posters, at iba pa.
- 14. Gaano ka-secure ang mga transactions ko sa CASH AGAD?**
Ang CASH AGAD transactions ay secure dahil kailangang mong mag key-in ng PIN sa POS terminal o Pinpad. Bawat transaction ay kailangan ng approval ng issuing bank.
- 15. Gaano ka private ang mga transactions sa CASH AGAD?**
Sini-siguradong pribado ang iyong transactions dahil ikaw lamang ang makakakita ng iyong PIN, encrypted ang card number mo, at huling 4-digits lamang ang makikita sa iyong resibo.
- 16. Paano kung walang lumabas na resibo pagkatapos kong mag-transact at nabawasan ang balanse ko sa CASH AGAD?**
Tumawag at i-report ito kaagad ang insidente sa hotline ng iyong issuing bank. Makikita ang number na ito sa likod ng ATM card mo.
- 17. Maaari bang magbigay ang CASH AGAD partner agent ng refund sa akin?**
Ang isang CASH AGAD partner agent ay hindi maring mag-refund sa iyo. Sa halip ay i-report kaagad sa iyong issuing bank ang insidente para maibalik ang na-debit na amount.